California School DASHBOARD

# Pag-alam sa mga Panukat

Ang California School Dashboard ([https://www.caschooldashboard.org](https://www.caschooldashboard.org)) ay isang online na kasangkapan na idinisenyo upang tulungan ang mga komunidad sa buong estado na makakuha ng mahalagang impormasyon tungkol sa K-12 na mga paaralan at mga distrito.

Ang Dashboard ay nagtataglay ng anim na panukat ng estado na nagkakaloob ng mahalagang impormasyon tungkol sa kung paano naglilingkod ang mga paaralan sa kanilang mga estudyante.




## Pagganap sa Akademiko

Ang panukat ng Akademiko ay nagpapakita kung gaano kahusay na natutugunan ng mga estudyante ang mga pamantayan sa antas ng grado sa  mga sining ng wikang Ingles/karunungang bumasa't sumulat at matematika. Ito ay batay sa pagganap ng estudyante sa Mas Matalinong Balanseng Nagsusumang mga Pagtasa na ginagawa bawat tagsibol ng mga estudyane sa mga grado 3–8 at grado 11.




## Madalas na Pagliban

Ang panukat ng Madalas na Pagliban ay nagpapakita kung ilang estudyante ang lumiban sa 10 porsiyento o higit ng kabuuang araw ng pagtuturo sa paaralan. Halimbawa, karamihan ng mga paaralan ay may 180 araw ng pagtuturo: kung ang isang estudyante ay lumiban nang 18 o higit sa mga araw na iyon, ang estudyante ay ituturing na madalas na lumiliban. Tulad ng pagsuspinde ng paaralan, ang mga estudyanteng madalas na lumiliban ay hindi nakakatanggap ng mahalagang pagtuturo sa silid-aralan. Ang pagkuha ng impormasyong ito sa Dashboard ay nagbibigay ng kakayahan sa mga magulang at edukador na makita kung ang madalas na pagliban ay isang problema sa isang paaralan o sa buong distrito.




## Kahandaan sa Kolehiyo/Karera

Ang panukat ng Kolehiyo/Karera ay nagpapakita kung ilang estudyante ang nagtatapos mula sa mataas na paaralan na mas nakahanda para sa kolehiyo o isang karera. Ito ay gumagamit ng maraming magkakaibang panukat ng kahandaan sa kolehiyo at karera, tinitingnan ang mga kursong nakumpleto ng mga estudyante sa mataas na paaralan o mga eksaminasyon na naipasa. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paanong natutulungan ng mga paaralan ang mga estudyane na maging handa, mangyaring tingnan ang polyetong pang-impormasyon tungkol sa panukat na kaugnay ng Kolehiyo/Karera sa [https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/documents/ccidashboardflyer.pdf](https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/documents/ccidashboardflyer.pdf).

## Progreso ng Nag-aaral ng Ingles

Ang kasanayan sa wikang Ingles ay unang hakbang para makaganap nang mahusay ang mga estudyane sa ibang mga asignaturang tulad ng pagbabasa, pagsusulat, matematika, at agham. Ang panukat ng Progreso ng Nag-aaral ng Ingles ay tumitingin sa progresong nagagawa ng mga nag-aaral ng Ingles (halimbawa, mga estudyanteng hindi nagsasalita ng Ingles bilang kanilang unang wika) patungo sa kasanayan sa Ingles. Bawat tagsibol, ang mga nag-aaral ng Ingles ay sumasailalim sa Mga Pagtasa ng Kasanayan sa Wikang Ingles para sa California, o ELPAC, na sumusukat kung gaano kahusay ang kanilang kaalaman at gaano nila naiintindihan ang Ingles. Ang mga resulta mula sa ELPAC ay ginagamit upang kalkulahin ang panukat ng Progreso ng Nag-aaral ng Ingles.

## Dami ng Pagtatapos

Pupunta man o hindi ang mga estudyante sa kolehiyo, ang isang diploma ng mataas na paaralan ay ang pinakamababang iniaatas para sa karamihan ng mga panimulang trabaho sa ekonomiya ngayon. Ito ay kumakatawan sa kadalubhasaan ng mga pundasyong kasanayan sa matematika, pagbabasa, at pagsusulat.

## Dami ng Pagsuspinde

Ang panukat ng Dami ng Pagsuspinde ay nagpapakita ng porsiyento ng mga estudyante na sinuspinde sa taon ng paaralan. Ang mga estudyanteng sinususpinde sa paaralan ay nawawalan ng pagkakataong makakuha ng mahalagang pagtuturo sa silid-aralan. Ang pagkuha ng impormasyon sa Dashboard ay nagbibigay ng kakayahan sa mga magulang at edukador na makita kung may problema sa pagsuspinde sa isang paaralan o sa buong distrito at kung may mga partikular na grupo ng estudyante na sinususpinde nang higit kaysa iba. (Tandaan: Ang isang estudyante ay isang beses lang ibinibilang para sa panukat na ito kahit na siya ay maraming pagsuspinde sa buong taon.)

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang pahina sa web ng California Accountability Model & School Dashboard sa https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/index.asp.